

ANNEX F

PAMPUBLIKONG IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGGAMIT BILANG PAGKAIN, PAKAIN SA HAYOP, O PARA SA PAGPOPROSESO

PANUKALA PARA SA DIREKTANG PAGGAMIT BILANG PAGKAIN, PAKAIN SA HAYOP, O PARA SA PAGPOPROSESO [LLCotton25]

1. Pangalan ng Aplikante: Bayer CropScience, Inc.
2. Address ng Aplikante: 3/F Bayer House, Canlubang Industrial Estate
Calamba, Laguna
3. Telepono/Facsimile/E-mail Address ng Aplikante:
Tel: +63 2 226 4888
Fax: +63 3 450 5474
celsa.quimio@bayer.com
4. Pangalan ng Kaukulang Opisyal/Awtorisadong Kinatawan: Recher E. Ondap/Celsa A. Quimio
5. Deskripsyon ng Artikulo para sa Direktang Paggamit:
Taglay ng LLCotton25 ang protinang PAT, base sa *bar* gene mula sa *Streptomyces hygroscopicus*, na nagbibigay tibay na kayanin ang pamuksang-damo na glufosinate ammonium.
6. Bansang Pagmumulan ng LLCotton24: Estados Unidos
7. Maikling Buod ng Potensyal na Epekto sa Kalusugan ng Tao at Hayop at sa Kalikasan
Masusing mga pagsusuri ang nagpapatunay na ang LLCotton25 ay ligtas para gamiting pagkain, pakain sa hayop o sa pagpoproseso. Ang mga isinagawang pagsasaliksik ukol sa toksikolohiya ng protinang PAT mula sa LLCotton25 ay hindi nagpakita ng indikasyon na ito ay banta sa kalusugan ng tao at hayop at sa kalikasan. Ang PAT ay mabilis na natutunaw, hindi nakakalason at hindi nagtataglay ng katangian ng protinang nakaka-allergy. Ang PAT ay likas, laganap at naging ligtas sa mahabang panahong pananatili nito sa kapaligiran.
8. Maikling Buod ng mga Potensyal na Benepisyo
Nagbibigay ang LLCotton25 ng dagdag na epektibong alternatibo na maaring mapagpilian ng mga magsasaka sa pagkontrol ng mga nakasisirang damo ng halamang bulak partikular sa mga bansa kung saan pinapayagang itanim ito. Ang PAT ay nagbibigay tibay na kayanin ang pamuksang-damo na glufosinate ammonium.
9. Mga Bansa na Nakapagbigay na ng Pahintulot Para Gamiting Pagkain o Pakain sa Hayop:
Ang LLCotton25 ay nasuri na at binigyang pahintulot para gamitin bilang pagkain at/o kaya pagkain sa hayop sa Australia/New Zealand, Brasil, Canada, Tsina, Colombia, Europa, Japan, Korea, Mexico, South Africa, Taiwan at Estados Unidos.

Iniiimbtahan ang publiko na magsumite ng kanilang mga komento sa Direktor ng BPI (sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng paglathala) ukol sa panukala para sa direktang paggamit bilang pagkain o pakain sa hayop o para sa pagpoproseso ng LLCotton25.

Director
Bureau of Plant Industry
San Andres, Malate, Manila
Telephone Number: 404-0409
E-Mail bpibiotechsecretariat@yahoo.com

Inaprubahan para Ilathala: _____
VIVENCIO R. MAMARIL, PhD.
OIC-Director
Bureau of Plant Industry
Date: